# PANDAK

*Katulad mo rin siya.* Sa iyong kinauupuan
Ay naririnig mo mula sa kapilya ang ebanghelyo
At kuwento tungkol kay Zaqueo. Gusto mong iunat
Ang mga maiikli mong bisig upang sukatin ang layo
Ng pagkakaiba niyo bukod sa tangkad, ikaw
Na tinaguriang unano o pandak. *Malayo.*
Bagaman katulad mo siyang nakaupo.
Di gaya niyang humahamig ng buwis,
Ikaw ay tumatagaktak ang pawis sa pagtakatak
Ng paninda mong yosi at kendi, *Hope* at *Maxx.*
Pero tiyak mo, kung may dumaan mang
Mesiyas ay katulad niya, katulad niyang
Mag-aabang ka rin, at kung dumating
Ay tatalilis ng takbo, aakyat ka rin
Hindi sa puno ng sikomoro
Kundi sa mga pinagpatong-patong
Na kahon ng paninda at bangketa.
At kung sakaling lumapit ang tagapagligtas
Sa iyong kinauupuan, aalukin mo siya
Ng istik ng yosi, sisindihan mo pa ito
Para sa kaniya at malamang marami, napakarami
Mong ibubugang mga tanong para sa kaniya.
Tiyak, isa sa inyo ang mauupos ang pasensiya.

# BULAG

Nasa dulo ng kaniyang mga daliri
Ang katotohanan. Nakabisa na niya
Ang bawat uka, bawat angat sa papel
Ng kaniyang binabasa. Nasa kabanata
Siya tungkol sa ilaw
Ng sanlibutan nang magdilim
Nang magmanhid ang dulo
Ng kaniyang mga daliri habang
Nasa dulo na siya ng katotohanan.
Alam na niya ang bawat detalye
Ng mga susunod na pangyayari:
Ang putik na hinulma upang maging mata,
Ang laway, ang dura sa lupa. Ang sarili
Niyang laway habang binabasa
Ng kaniyang mga labi
Ang mga talatang
Matagal na niyang nakabisa.

# BINGI

O Panginoong Diyos na nasa langit,
Nananabik ako sa muli mong pagbabalik.
Inaabangan ko ang iyong pagbaba mula
Sa luklukan ng iyong trono at biyaya.
Inaasam kong mamalas ang maluwalhati
Mong kariktan na pupuno sa kalangitan.
Pero kailan ba, Diyos ko? Alam ko namang
Walang nakakaalam dahil di mo rin alam.
Ikaw mismo. Gayunpaman, heto ako't
Mag-aabang. Tutunganga sa mga nagbibigatang
Mga ulap. Natatawa na lang ako kapag nababasa
Ko na darating ka kasabay ng malakas na sigaw
Ng arkanghel, mga pakakak ng mga trumpetang
Maririnig sa apat na sulok ng mundo. Tila
Nangangapa sa karimlan ang pang-unawa ko
Sa tuwing mababasa ang ganoong mga talata
O gaya kapag nasusulat ang mga katagang
Tiririt ng maya. Mga pag-awit sa saliw
Ng mahinhing lira o plawta. Kalansing,
Halimbawa pa, ng mga barya mula sa kung sinong
Dukhang mag-aalay sa 'yo. Bibigyan mo kami
Ng bagong awit, 'yan ang sabi sa mga salmo ni David.
Bigyan mo rin sana ako kahit ng mahinang-mahinang
Nota o tono na maririnig ng aking puso, sasaliw
At magpapaindak sa aking kaluluwa. Ewan ko ba,
Kung maririnig mo ang mga samo kong
Walang kataga ni anumang salita. Ewan ko ba
Kung sino sa atin ang di makarinig, noon at noon pa.

# GUTOM

Ikaw ang kawatan
Ng katawan ng Diyos

Nang minsang inumit mo
Ang mga ostiya sa altar.

Hindi magkandaugaga
Ang mga sakristan nang malaman

Nilang wala ang biskuwit
Na mag-aalis ng gutom

Ng daigdig. Panandaliang
Natigil ang misa. Bumulong

Ang diyakono sa pari at umalis saglit
Para maghanap ng tinapay na kapalit.

Ipinagpatuloy ang sermon na wala
Na sa manuskrito at inudyokan

Ang kung sinumang nagnakaw
Ay maaari namang lumapit na

At ibalik ito nang matapos na
Ang misa. Ang Diyos ay mahabagin,

Dagdag niya. At handang magpatawad.
Huwag sarilinin ang tinapay

Na magiging katawang hubad
At pambayad sa kasalanan ng katulad mo.

Mula sa likuran ng simbahan,
Naririnig mo ang kaniyang pagsusumamo

At naalala mo minsan ang talata sa misa,
At ang sabi *Kunin ang Diyos at kainin*.

*kunin at kainin*. Sumusunod
ka lamang sa banal na utos.

Nangagatal pa ang iyong mga daliri
Habang pinapapak ng kumakalam

Mong sikmura ang tagiliran ng Diyos
Ang hita ng Diyos, mga bisig ng Diyos.

At ang sabi mo, walang lasa ang Diyos.
Hindi nakabubusog ang Diyos.

# PILAY

Kaarawan mo ngayon at Linggo
Kaya napagpasiyahan mong magsimba.
Puno ang kongregasyon kaya nahirapan
Ang iyong pamaypay na pawiin
Ang pawis sa iyong sentido. Pero hindi
Mo pansin iyon dahil ang atensiyon
Mo'y nakapako sa pastor sa pulpito.
Mas tigmak ang kaniyang pawis
At tila nag-aapoy siya sa sigasig
Ipaliwanag ang mga mangyayari
Sa huling kabanata ng daigdig. Wala
Na ang mga dragon at kampon
Ng demonyo. Maski ang nakaririmarim
Na pitong taong pagsubok at mga kabayong
Humpak. Wala na. Ang lahat
Ay bago na. Naalala mo ang kuwento
Kung paanong iniwan kang sanggol

Sa basurahan. Di mo masisi ang mga magulang.
Gaya mo rin silang nagnanais
Nang mas bago, nang mas maayos.
Pumikit, nanalangin ka pero hindi ang panalangin
Ng pastor na tumayo ka't maglakad.
Tatlumpung taon ka nang naghahangad
Ng himala ngunit walang nangyayari
Bukod sa palahaw na iyak para magmilagro
Mula sa pastor sa pulpito.
Simple lang ang iyong hiling
Para sa araw na iyon:
Ginintuang saklay pamalit sa ilang
Taon mo nang gamit.
At lalapit kang iika-ika, magpupuri't
Sasamba sa natamong biyaya, sa kanya
Na nagkaloob ng bagong saklay,
Sa bagong daigdig.

# ULYANIN

Tila pamilyar na boses ang pinapakinggan
mo ngayon sa radyo. Hindi mo lang mahugot
kung saang dako ng alaala mo huling narinig
ang gayong pangangaral na may sigasig sa tinig:

Sa bawat kabanata at mga talata na inuusal
niya'y dama mo ang di matitinag na tiwala
sa anumang nakasulat sa aklat na iyon.
Tila inaakay ka niyang pabalik sa banal na lungsod

Ni David at minsan ikaw pa ang sa kaniya'y
gumagabay sa pagtahak niyo sa dako ng Kabanal-
banalan. Minsan, magugulat ka kung biglang
pinupukpok ng kaniyang kamay ang pulpito

at alam mong ang oras na iyon ang rurôk
ng kaniyang pangangaral at iimbitahan
ka niyang magsisi at talikdan ang iyong
kasalanan. At lagi't laging tutugon ka

sa kanyang tawag. Maghihinagpis
ang iyong kaluluwa at mangangakong hindi
na muling lilihis ng landas at di na muling iibig
sa panandaliang layaw ng daigdig.

Mangingibabaw ang iyong mga hikbi
kaya't di mo maririnig ang pamamaalam
ng sariling mong boses at pangalan
sa radyong iyong pinakikingan.

# UHAW

Ganito siguro ang mamatay,
wika mo, dama ang walang

hanggang pagkauhaw. Naalala
mo ang tag-araw ng iyong

kabataan. Ang mga tipak-
tipak na putik sa pilapil.

Ang asul na asul na lawak
ng langit at banayad na daloy

ng batis. Tigang na tigang
ang iyong lalamunan at nagnais

ka ng sapang eternal
na pupuno sa kopa

sa iyong dibdib
at lalagukin mong paulit-ulit.

Ngunit wala kang natanggap kundi
marahang dantay ng basang bulak

mula sa nars sa iyong ward.
Ganiyan siguro lagi ang buhay,

paglilimi mo. Ganito lagi siguro
ang mabuhay, dagdag mo.